# Ang inyong mga karapatan bilang biktima ng krimen

# Departamento ng Tagausig Panlahat ng NSW

### Sino ang biktima ng krimen?

Ang isang biktima ay isang taong tuwirang nasaktan dahil sa kasalanang kriminal na ginagawa ng isang tao.

Kasama sa pananakit na ito ang pisikal, emosyonal o sikolohikal, pagkamatay ng miyembro ng pamilya, at pagkasira ng mga ari-arian.

### Bakit may Saligang-Batas ng mga Karapatan ng mga Biktima?

Ang Saligang-Batas ng mga Karapatan ng Biktima ay bahagi ng Batas sa Karapatan ng Biktima 1996. Binibigyan nito ng proteksiyon ang mga karapatan ng mga biktima at tinitiyak na mahusay silang kinakalinga.

Ipinakikita ng Saligang-Batas kung paano dapat tratuhin ang mga biktima ng krimen ng mga departamento ng pamahalaan, tulad ng pulis, hukuman, mga serbisyo sa kalusugan at ang DPP.

### Ano ang tungkulin ng Kawanihan ng mga Biktima ng Krimen?

Ang KAWANIHAN NG MGA BIKTIMA NG KRIMEN ay siyang sumusubaybay sa pag-papairal ng Saligang-Batas ng mga Karapatan ng mga Biktima ng NSW. Kung nais ninyo ng kopya ng Saligang-Batas ng mga Karapatan ng mga Biktima, kinakailangang makipag-usap o liwanagin ang anumang pagkabahala o nangangailangan ng impormasyon tungkol sa tanggapan sa pagrereklamo ng isang departamento ng pamahalaan, makipag-alam sa KAWANIHAN NG MGA BIKTIMA NG KRIMEN.

**Ano ang aking mga karapatan bilang biktima ng krimen?**

Bilang isang biktima ng krimen kayo ay may karapatang tratuhin nang may respeto, paggalang, pang-unawa ng lahat ng departamento ng pamahalaan.

**Mayroon din kayo ng sumusunod na mga karapatan:**

- May karapatan kayong makakuha, saan man ito naroroon, ng serbisyo medikal, pagpapayo, kagalingan, kalusugan at tulong panlegal na ibinibigay ng ibat-ibang departamento ng pamahalaan na nararapat sa inyong katayuan.

- Sa pamamagitan ng Pulis o Tanggapan ng Direktor ng Pambayang Taga-usig (DPP), may karapatan kayong humingi ng impormasyon tungkol sa pagsisiyasat ng pulis sa ginawang krimen sa inyo, ang pag-uusig sa nasasakdal at ang proseso ng paglilitis. Ang impormasyong ito ay maaaring ibigay sa inyo, maliban kung ito ay makakasira sa progreso ng kaso.

- Sa karamihan ng pagkakaton, may karapatan kayo sa pagkapribado tulad ng hindi pagbibigay ng inyong tirahan at numero ng telepono sa nasasakdal. Mahalagang pag-usapan ninyo ito kasama ang taga-usig ng kaso.

- May karapatan kayong bigyan ng proteksiyon laban sa hindi kinakailangang pakikipag-usap sa nasasakdal at paraan ng depensa. Kung kayo ay nababahala tungkol sa inyong kaligtasan, maaari kayong makipag-usap sa pulis, taga-usig o pinuno ng hukuman.

- Sa kadalasan, may karapatan kayong sabihin sa hukuman kung ano ang inyong naranasan sa ginawang kasalanan. Kung ang Pahayag ng Biktima sa Epekto ng Krimen ay pinapayagan, ihahayag ito sa hukom o mahistrado ng taga-usig matapos na mapatunayan ang pagkakasala ngunit bago hatulan ang kriminal. Ang DPP at ang KAWANIHAN NG MGA BIKTIMA NG KRIMEN ay maaaring magbigay ng impormasyon kung paano gumawa ng Pahayag ng Biktima sa Epekto ng Krimen.

- May karapatan kayong malaman kung ang isang nagkasala ay palalayain, o kung ito ay nakatakas ng bilangguan. Maaari ninyong itala ang inyong pangalan sa Talaan ng mga Biktima ng departamento na nangangalaga sa taong gumawa ng kasalanan sa inyo o sa inyong pamilya.

- Kung kayo ay biktima ng marahas ng krimen, may karapatan kayong mag-aplay ng kompensasyon at/o pagpapayo mula sa Tribunal sa Kompensasyon ng mga Biktima. Ang aplikasyon ay pag-aaralan ng Tribunal. Matutulungan din kayo ng KAWANIHAN NG MGA BIKTIMA NG KRIMEN na bigyan ng impormasyon, suporta at serbisyong reperal, ganoon din ang mga impormasyon tungkol sa Saligang-Batas ng mga Karapatan ng Biktima.

**Ano ang aking gagawin kung hindi ako nasiyahan sa ginawang pagtrato sa akin ng departamento ng pamahalaan?**

May karapatan kayong makipag-usap tungkol sa isyu na nauukol sa departamento.

Sa una, sabihin sa taong may hawak ng inyong kaso sa departamento ng pamahalaan ang tungkol sa inyong pagkabahala. Kalimitan, ang mga pagkabahala ay nalulutas sa pamamagitan nito. Kung hindi pa rin kayo nasisiyahan makipag-usap sa isang may nakatataas na katungkulan sa nasabing departamento.

Kung patuloy parin kayong hindi nasisiyahan, makipag-usap sa opisyal na tanggapan sa pagrereklamo ng departamento.

Ang lahat ng departamento ng pamahalaan ay may palakad na sinusunod kung nais ninyong magreklamo at kailangang ipaalam nila ito sa inyo.

Kung matapos ang inyong pagreklamo mayroon pa rin kayong pagkabahala, maaari ninyong kausapin ang Kawanihan ng mga Biktima ng Krimen upang malaman kung anong ibang tulong, kung mayroon man, ang maaaring ibigay sa inyo sa ilalim ng Saligang-Batas.

PAKIKIPAG-USAP SA
KAWANIHAN NG MGA BIKTIMA NG KRIMEN

TELEPONO
(02) 9374 3000 o
1800 633 063
(Walang bayad sa labas ng Metropolitan Sydney)

SERBISYONG TTY PARA SA MAY KAPANSANAN SA PANDINIG:
(02) 9374 3175

SERBISYO SA PAGPAPALIWANAG
131 450

PAKS:
(02) 9374 3020

DIREKSIYONG POSTAL
Locked Bag A5010
Sydney South NSW 1235

WEB SITE ADDRESS:
www.lawlink.nsw.gov.au/vcb
ISBN 07313 95182